1

How would it feel like to be married to your gorgeous partner in (solving) crime(s) and best friend for the past almost seven years? Hindi iyon ang tanong na madalas na gumugulo kay Jodie, pero hindi niya ikakailang pumasok na iyon sa isip niya.

Hindi lang niya inakalang darating ang araw na matutupad iyon, na magiging lawfully wedded wife siya ni Henry Louis Aguas, makakasama ito sa iisang bahay at ipapakilala nito sa mga makakasalubong nila bilang 'my wife'.

She didn't even relish the idea of being owned by anyone! Especially not by the tall, dark, beautiful, incredibly smart and funny Henry.

Epitome siguro siya ng kaipokritahan. Inis na inis siya sa mga sekretarya, interns at mga kasamahan sa trabaho na hayagan kung pagmasdan at subukang landiin si Henry sa tuwing dumadaan ito, gayong rated SPG na ang nararating ng imahinasyon niya kung saan ito ang bida. Lalo pa iyong lumala nitong nakalipas na sampung araw na 'kasal' sila.

Yes, that word came with quotation marks,

because the marriage between Jodie Lynn Marcos and Henry Aguas was about to end soon. Actually, ngayong segundong ito ay tapos na iyon. Peke ang kasal nila.

Dahil naging kasal lang naman sila bilang parte ng isang operasyon para mahuli ang sindikatong responsable sa malawakang bentahan ng droga sa isang upscale resort community sa Batangas. They were on undercover assignment, and had to pose as a newly married couple to catch the perpetrators.

Mission accomplished naman sila, kaya ngayon ay nag-eempake na upang bumalik sa Manila at mag-report sa kanilang superior.

Ten days. Ten days of 'being married' to that man was officially over. And she didn't even really know what it felt like, exactly.

Masyado kasing duwag si Jodie. Hindi siya ganoon kagaling na artista. Kahit gugulong na siya sa kilig sa tuwing lalandiin ni Henry, kunwa ay nagtataray pa siya o pinagbabantaan ang buhay nito. Takot kasi siyang mahalata. Kapag nalaman nito, paano na? They valued their friendship too much to ruin it by telling him she's been in love with him all these years.

Napapabuntong-hiningang isinara na niya ang zipper ng gym bag at backpack bago naupo sa kama. Iniunat niya ang mga braso, ikinaway-kaway ang mga kamay, iwinasiwas ang mga daliri, na noon niya napansing suot pa ang bukas lang ay kailangan na niyang isuko sa Evidence Section kasama ang iba pang props na ginamit nila sa assignment. Her engagement and wedding rings were the most expensive of those.

She stared at them—the rings. A one-carat platinum solitaire engagement ring and an accompanying wedding band. Simple yet elegant. Stylish but classically so.

Ang mismong may-ari ng resort community ang nag-provide niyon sa *United Intelligence Network* o *UIN*, ang international law enforcement agency kung saan pareho silang special agents ni Henry sa loob ng halos pitong taon na. Mr. Antonio Pacheco, one of the country's top twenty richest businessmen, was thrilled and fascinated that there would be undercover work involved to solve the crimes in his turf that he wanted everything to look convincing.

Kailangan di-umanong kapani-paniwala rin na can afford ng bagong kasal na makabili ng property sa *La Mer Residences*, at dapat sa singsing pa lang na suot ng mga ito ay kita na iyon. Hence, he gave

the rings, through their director. Ni hindi niya agad nalaman ang tungkol doon.

Unang beses niyang nakita at naisuot ang mga singsing eleven days ago, isang araw matapos ang mahigit tatlong oras na briefing.

This was the first time that they would go undercover as a couple, and she's not quite sure what to make of it.

At hindi rin niya naihanda ang sarili sa narinig mula kay Henry kinabukasan habang pareho silang naghahanda na sa pag-alis papuntang Batangas. Nasa opisina sila, parehong nasa kani-kanyang desk na ang mga gamit na dadalhin, nang gulatin siya ni Henry ng isang tanong na hindi niya inakalang maririnig mula rito.

"Marcos," Henry murmured with a glint in his eye, "will you marry me?"

Ilang segundong nakatingin lang si Jodie rito bago napakurap at natawa nang malakas. Kahit nagniningning ang mga mata ay seryoso ang boses ng makulit niyang partner. The idiot even got on one knee, and looked at her hopefully. Mukha lang siyang natatawa at tila sanay na sa mga kalokohan nito, pero ang totoo ay nanginginig ang mga kalamnan niya.

Oh, my...

"Masama man sa loob kong gawin ito, Aguas, mukhang wala naman akong choice." Sumilay ang ngiti sa mga labi niya kasabay ang pagkislap sa mga mata na tiyak kagaya ng nakikita niya sa lalaking kaharap at naghihintay ng kasagutan. "Yes... for the job, I mean."

"Of course." Tumayo si Henry, inabot ang kaliwang kamay niya, at marahang isinuot ang singsing mula sa maliit na velvet box na hawak nito.

And that's when she got a better look at it. Oh, my God...

"A-ang ganda nito!" di-napigilang sabi niya. Hindi siya mahilig sa alahas at alinmang accessories, pero sanay siyang tumingin ng maganda. At mamahalin. "Aguas..." Sa kabila ng shock ay alam niyang hindi maalis-alis ang ngiti niya. Hindi niya alam kung bakit.

Henry was smiling like a fool too, but that didn't surprise her. She knew he liked her... a lot.

But still not enough for him to actually make a move and take whatever they had to another level.

"Wait, there's more!" bulalas nito, bago bumalik sa desk nito at kinuha sa bulsa ng backpack ang isa

pang maliit na kahon. Halata ang excitement nito nang buksan iyon, kunin ang laman at abutin muli ang kamay niya.

"It's not official till I put the wedding band on your finger, too," he says brightly.

"Oh," nasabi na lang ni Jodie habang inilalagay nito ang isa pang singsing.

For a moment, the 'moment' hit her again. Judging by her finger, she's married. To the man she loved... but knew nothing about it.

Huminga siya nang malalim. Ilang segundo rin yatang nakalimutan niya iyong gawin.

"Jodie?" Naramdaman niya ang isang kamay sa kanyang balikat. "Are you okay?" Tinatawag lang siya ni Henry sa first name niya kapag nag-aalala ito.

Napakurap siya. "Yeah, Henry... I'm—"

"Fine," pagtapos nito sa sasabihin niya. It was a running joke between them. Kahit kasi nabagsakan na siya ng debris, nauntog sa kung saan, o nadaplisan ng bala at duguan na, kapag tinanong siya ang palagi niyang sagot ay 'I'm, fine'. It was some sort of self-preservation. In love siya sa kanyang partner at best friend, pero ayaw rin niyang masanay masyado sa co-

dependency nila. She gave him a sheepish grin.

Inabot niya ang hawak nitong kahon. Pero nakangiting tinapik lang siya ni Henry sa braso.

"Okay na, partner," hindi nawawala ang ngiting sabi nito. "I took care of it myself." He wiggled his ring finger, still flashing that killer smile of his, his light brown eyes lit up the entire room, his face so close she didn't know how she was able to hold back from touching it. Good Lord!

Muli siyang huminga nang malalim bago minasdan ulit ang wedding band nito, at ang mga singsing na suot niya. "Aguas, parang puwede nang kapresyo ng mga ito ang kaluluwa natin..."

Ang lakas ng tawang isinagot nito sa komento niya. Even the way he laughed, his head thrown back a bit, his eyes crinkling and slightly tearing up, the sound low and full and hearty was oh so sexy as it filled the room.

Natatawang nahampas niya ito sa dibdib. "Seryoso, mukhang bagong-bago pa kasi, at parang ang mahal nito."

"Compliments of Mr. Pacheco," imporma nito. "Para daw mas convincing na mayaman tayo at afford ang La Mer," he grinned. "Alam din niyang may

quarterly charity auction para sa mga ginagamit sa mga operasyon kaya lalo siyang na-excite mag-sponsor ng singsing."

Napatangu-tango si Jodie bago kinuha ang mga bag sa mesa. Alas diez na ng umaga at anytime ay darating na ang UIN issued luxury vehicle na gagamitin nila sa assignment na iyon.

She stepped up next to him, leaning slightly against his shoulder.

"So, do I have to change my name, Aguas?" tanong niya.

Nangunot ang noo nito, tiningnan siya na parang tinubuan siya ng rabbit ears. "We already have our cover names... Geri."

Muntik na niyang makalimutan ang mga pangalang pinili nito. Dapat ay inunahan niya ito sa pag-fill out ng mga papeles na gagamitin nila. Henry picked Thomas William and Geraldine Anne Maniego, a.k.a. Tom and Geri. Ugh. "No, Aguas. Alam ko iyon." Nginitian niya ito nang nakakaloko. "I mean, if we're really married, kailangan ko bang baguhin ang last name ko?"

She's teasing him, alright. But the ring was making her giddy... and very, very curious.

Nangunot ang noo nito, na parang pinag-iisipan nito iyon nang matindi. And she loved seeing Henry when he's concentrating. He would purse those delectable lips and would tilt his head to the left, then to the right.

"Hmm..." Minasdan siya nito. "Like what? I mean, like, uh, Jodie Aguas?"

"Typical." Napailing siya, kunwa ay ayaw ang narinig. She crossed her arms. "If ever I do that, the most you'd get out of me is a Jodie Marcos Aguas."

Inasahan ng dalaga na makikipagtalo o makikipagkulitan pa si Henry, pero lumawak lang ang ngiti nito at nagbalik ang ningning sa mga mata. He leaned down, invading her personal space. "I really like that, Marcos. Hayaan mo, tatandaan ko 'yan." His eyebrows wiggled and the familiar leer made an appearance.

Henry Aguas, after all, was one unapologetic flirt. Mahirap malaman kung kailan ito seryoso o sadyang lumalandi lang.

"Come on, Mrs. Marcos Aguas," he teased her. "We gotta get moving."

Pinigilan ni Jodie ang urge na hawakan ang kamay nito, para simulan nang umarte bilang typical

na mga bagong kasal na parang ayaw nang bitawan ang isa't isa. Sa halip ay isinukbit niya ang backpack at binitbit ang gym bag bago lumabas ng pinto na ibinukas ni Henry para sa kanya.

———————

Naiinis na si Jodie sa sarili. She's been terrible to him—Henry, her temporary 'husband', pero ano ang gagawin niya?

Mukha kasing enjoy na enjoy ang partner niya sa set-up nila. She could see that Henry was totally into his role as the new husband, so goofy-in-love with his wife. Minsan, naiinggit siyang kaya nitong i-enjoy ang sitwasyon kahit na mapanganib din iyon. After all, isang malaking sindikato ang kakaharapin nila at nakatakdang i-expose sa mga susunod na araw.

Still, she found the whole thing awkward.

Ilang araw at gabi na nilang solo ang magandang loft unit overlooking the beach sa isa sa mga mid-rise condominium buildings sa *La Mer*. Salitan sila sa kung sino ang matutulog sa kuwarto o sa malaking sectional couch sa sala, at hindi niya alam kung paanong tila wala lang iyon sa kasama niya. Didn't he find it weird?

Fine, so enjoy naman talaga kahit papaano ang

ginagawa nila. Para na rin kasi silang nagbakasyon, at kahit may kasamang research at discreet na pag-iimbestiga ang pagliliwaliw nila sa resort community ay mas enjoy pa rin iyon kaysa typical office day nila.

Sanay na silang nagho-holding hands, nag-aakbayan, paminsan-minsang nagyayakapan bilang Jodie at Henry. Doon pa nga lang ay inaatake na siya ng kaba, feeling niya lagi ay lilitaw ang puso niya at rarampa sa harap ng guwapong partner niya para ilaglag siya.

But as Tom and Geri...

Jodie felt her heart race just thinking about those times he would hold her so close to him, squeezing her arm or shoulder, or letting those big warm hands cup and squeeze her waist.

There were also moments they would be standing at the boardwalk, when he would absently sniff her hair or kiss her temple or the top of her head, as his hand gently caressed her back. Hindi niya alam kung paano niya nagagawang pigilan ang sarili na harapin ito, hawakan sa magkabilang balikat at bigla na lang halikan.

God, I'm so pathetic. Umagang-umaga ganito ang iniisip niya!

Pero kasalanan din iyon ni Henry! Kung bakit kasi bigla nitong naisipan na tumambay sa kama kagabi, gayong siya ang naka-schedule na matulog doon.

Last night, as she emerged from the bathroom after a shower, already in her pajamas, her short hair pulled up in a samurai ponytail and her face covered in bright green face mask, she saw her shirtless partner waiting comfortably on the bed. Nagulat pa ito nang makita siya, ilang sandaling inasar siya dahil sa nakalagay sa mukha, bago mapanuksong hinimas-himas ang bedspread.

"Come on, Jodie. We're married now." Iginalaw-galaw pa nito ang mga kilay bago hayagang minasdan siya mula ulo hanggang paa.

God, those rock solid abs... those arms. Ilang sandaling nakatingin lang siya dito, binibilangan ang sarili, bago kinuha ang nakatiklop na shirt na nasa ibabaw ng dresser at ibinato iyon kay Henry.

"Out," she breathed. "Teritoryo ko ito ngayong gabi. And it is Geri... Tom."

Ngumisi lang ang kanyang 'asawa'. "Out? Hindi ka ba nagsasawang matulog na mag-isa dito? King size naman, pa-share na, please." He moved to the right, still not getting up. "I promise I'll behave, unless you

don't want me to."

Mabuti na lang at may face mask siya dahil tiyak na kitang-kita na ni Henry ngayon ang pamumula niya. Her cheeks felt so hot she thought she might soon burst in flames.

She even felt hot. "Inaantok na ako, Tom. Labas na."

Kunwa ay nagtatampong bumangon na ito sa kama, bitbit ang isang maliit na unan na ibinato nito sa kanya bago tuluyang lumabas ng pinto. Kung alam lang ng lalaking iyon kung gaanong ilang beses na niyang gustong patulan ang panunudyo nito....

2

And now, at almost seven in the morning, it's all she could think about. Paano kung hinayaan niyang matulog sa kuwarto si Henry? Makapagpigil pa kaya siya? Kayang-kaya niya itong tapatan kung asaran o tuksuhan din lang ang labanan, pero madalas ay pinipigilan niya dahil baka may biglang ihirit ito at mablangko siya

She had been resisting him these past few days. His innuendoes drove her crazy. If it were not for wanting to keep things professional, she might have given in to his jokingly delivered invitations.

Well, probably not. She had a well-developed sense of self-control, built up over the years she'd been keeping her hands to herself.

Okay, pero minsan kasi… Napabuntong-hininga siya. Kung alam lang ng lalaking iyon.

Naiiling na bumangon na si Jodie, nagtungo sa banyo para sa ilang morning rituals bago bumaba sa sala kung saan nakita niyang mahimbing na natutulog pa rin si Henry. At gustung-gusto niyang minamasdan ito habang tulog.

In the early light, he looked adorable. His short hair shot out in all directions, giving him a mad scientist look. His mouth was slightly open, a soft snore emanating from his ample, yet quirkily sexy nose.

In this frozen moment of time, Jodie really, truly wished she was married to Henry. Na-imagine na niyang kasing-saya o higit pa siguro ang bawat araw nila gaya nina Tom at Geri. Minus the awkwardness and tension on her part, of course.

She sighed as her heart physically ached for the fantasy.

Minasdan niya ang mga singsing sa kanyang kaliwang kamay. They were beautiful. She studied the simple platinum band beside the engagement ring. The symbolism that wedding rings represent hit her then like a ton of bricks.

It was a perfect circle, representing the endless love shared between two people.

Habang minamasdan niya ang mga singsing, pakiramdam ni Jodie ay totoo ang lahat. Hindi na iyon basta prop lang na pag-aari ng Evidence Section ng *UIN*. Tila sinisimbolo na rin niyon ang pangarap niya na sana, balang araw, ay magiging totoo rin ang

lahat.

If only Henry loved her, too.

"Hey, cut that out, Marcos," he mumbled.

Napaatras siya sa gulat. "Huh?"

Namumungay pa sa antok ngunit nangingislap na ang mga mata ni Henry habang nakatingin sa kanya. "I mean," anito, mukhang nasa mood na ring mang-asar, "you're creeping me out, just staring at me like that. Ano'ng nagawa ko?" He sat up on the couch, then leered. "O ang hindi ko nagawa?" Tumaas-baba ang tingin nito sa katawan niya.

Jodie just kept looking at him. He was clad in a pair of blue printed boxer shorts and a light gray t-shirt. His glorious limbs stretched out for her to see.

Yummy, she said to herself. "Sorry, partner," hinging paumanhin niya. "May iniisip lang at nag-space out bigla habang nakatingin sa iyo," kunwa ay nahihiyang sabi niya bago ito pinamaywangan at pinanlakihan ng mga mata. "At bakit alas siete na ay tulog ka pa? Nauna pa 'kong magising sa iyo at wala akong naamoy na niluluto sa kusina!"

Natawa ito, tila aliw na aliw habang nakamasid sa kanya.

"I'm serious. Gutom na ako. Tumayo ka na d'yan!"

Ilang segundong nakatingin lang si Henry, at unti-unti iyong nagpapakaba kay Jodie. Nanatili siya sa kinatatayuan, nakapamaywang pa rin, at hinihintay ang susunod nitong gagawin.

He stood up. His one hand went up to his messy hair, and raked through the strands to try to keep them in place. She wanted to raise her own hand and volunteer to do it.

"Why did I even marry you, Jodie? Almusal lang, hindi mo pa kayang maghanda," he smirked.

"Excuse me? I cook our dinners... Henry. At kung di lang ako naririndi sa kaartehan mo sa kape, I would have made it myself."

He pursed his lips. "Inaantok pa ako."

"Gutom na ako," she glared at him.

"Fine." Humakbang ito palapit at hinagip siya sa baywang, inilapit nito ang mukha. Jodie just stared at him into moving away, but his face kept inching closer as his eyes seemed to silently give her face a gentle caress.

How is that possible? How can he do that?

She looked up at him as she opened her mouth to ask but that was also the same second Henry stepped away, with a lazy grin and a mischievous glint in his eyes.

"Five minutes," sabi nito, pinisil ang braso niya bago tumalikod at nagtungo na sa kuwarto.

Minasdan ni Henry ang sarili sa salamin sa banyo matapos niyang maghilamos. Mainit pa rin ang pakiramdam ng mga pisngi niya, at may bakas pa rin ng kislap sa mga matang ilang araw nang nagtitiis sa pagiging duwag niya. His eyes were probably the only parts of his body that had shamelessly acted on all that he felt for his beautiful partner, now pretend wife.

Okay, so maybe his mouth did too, with those countless innuendos that came out of it. Pero hanggang salita lang siya, kulang na kulang sa gawa. Hanggang tingin lang lagi, at hindi nagagawang humawak. How he was able to keep his hands to himself these past few days, even if his lovely, sweet smelling partner was so close, was beyond him.

How he never acted on what he felt for her, for the past several years, was a case worth investigating

by paranormal experts.

Or maybe he was that much of a coward.

Ilang sandaling napapikit siya bago kinuha ang isang tuwalya at sinimulang punasan ang mukha, na parang kaya niyong alisin doon ang anumang senyales na may epekto sa kanya ang sandaling pagkakalapit nila kanina.

He couldn't risk it, he couldn't let her know. He might lose her.

But damn that Jodie, for even with that silly disheveled samurai ponytail, she's still the most exquisite creature he'd ever seen in any given morning.

Makalipas ang ilang araw, napag-alaman na isang kalaban ni Mr. Pacheco sa negosyo ang utak sa likod ng mga house parties na nagiging front ng bentahan ng droga sa *La Mer* community. May ilang bumili o nagre-rent ng property roon ang planted pala ng naturang business rival ang nagpapasimuno ng mga parties na ang target ay ang mga may-kayang bagong kasal. Henry and Jodie naturally got invited to those gatherings and were soon able to get enough information for them to plan a raid.

Sa pakikipagtulungan ng *UIN* at local law enforcement agencies ay matagumpay iyong naisagawa. The victims were now undergoing debriefing and the suspects were in custody. Walang sinuman ang nasaktan, at wala rin halos tulog kina Henry at Jodie dahil kinailangan nilang paliwanagan ang mga residente ng *La Mer* tungkol sa nangyari. An impromptu meeting with officers of the homeowners association was held and finished at almost four in the morning.

They were both up and about by nine to make it to the office to report to the director. Dahil kapwa pagod at lutang pa ay halos hindi sila nag-uusap habang nasa biyahe pabalik sa Manila maliban na lang kung tungkol iyon sa ilang detalye sa report nila.

Nailagay na ni Jodie sa isang maliit na kahon na isinilid niya sa evidence bag ang kanyang mga singsing. Nasa backpack niya iyon sa backseat ng sasakyan. Kanina pa niya palihim na minamasdan ang kaliwang ring finger. Sampung araw lang niya iyong suot, pero parang may kulang na kapag nakikita niya ang kaliwang kamay.

Dahil parehong inaantok ay salitan sila ni Henry sa pagda-drive. Now it was her turn and that's how Jodie noticed that he was still wearing their wedding

ring.

Sumulyap ito sa kanya at ngumiti. “Well, it was nice while it lasted, wife.” He leaned close and whispered, “I just want to make it last a little longer.”

Natawa siya kahit kinabahang bigla. “By still wearing that?” Ipinako niya ang tingin sa daan.

“Bakit inalis mo agad ’yung sa iyo?” sa halip ay tanong nito.

“Ibibigay na natin iyan sa Evidence mamaya, Aguas.”

Hindi ito kumibo, sa halip ay sumandal sa kinauupuan at bumuntung-hininga. “So, that’s what it feels like to be married to your best friend.” Mahinang natawa ito.

Umangat ang isang kilay niya kahit kumakabog ang kanyang dibdib. *Great defense, Jodie girl.* “And what exactly was it like?”

Kahit hindi niya gaanong nakikita ay alam niyang nakangisi ang katabi nang sumagot. “No difference at all, plus benefits.”

“Benefits? Like what?”

“Seeing you in the morning, afternoon and

night... bago at pagkatapos maligo... walang makeup, magulo ang buhok, naka-samurai ponytail, may face mask... amoy fresh, amoy bawang, amoy dagat..."

He noticed all those things? Nasaan ang benefit doon? Hindi siya kumibo, hinintay lang kung may kasunod pa ang sasabihin nito. Humigpit ang hawak niya sa manibela at inihanda ang sarili sa pang- aasar at panunudyo mula sa katabi.

Instead, his tone was half-serious and half-wistful as he spoke again. "And in all those moments, you are still the most beautiful woman I have ever seen," mahinang sabi nito. Hindi alam ni Jodie kung ano ang ire-react doon.

From the corner of her eyes, she saw Henry was looking at her, as if gauging her reaction. Was she even reacting already?

Napabuga siya ng hangin. "Hinihintay ko ang punchline, Aguas."

"Punchline? Sobra ka naman," kunwa ay nagtatampong sagot nito.

Muli ay hinintay niya kung may idurugtong ito roon, pero natahimik na rin si Henry. Alam niyang hindi siya ang tipo ni Henry. He liked the delicate, very feminine type. Samantalang brusko, athletic at

wala siyang pakialam sa itsura.

Nang marating nila ang isang gas station ay lumiko siya. They agreed earlier to stop at that particular area to get some drinks and use the rest rooms.

"Ano'ng ipapabili mo?" tanong ni Henry habang kinakapa ang wallet sa bulsa.

"Blue *Gatorade* lang," sagot niya sabay hakbang na sana patungo sa direksyon ng rest rooms ngunit inagapan ni Henry ang braso niya at hinila palapit dito.

Agad iyong pumaikot sa kanyang baywang kasabay ang pagbulong nito, "See you later, babe." he said in that tone he used when he's in 'Tom' mode.

But it's over, and Jodie had to remind him that before her heart and the impending blush on her cheeks give her away. "Henry, put your hand back where it belongs or I'll run over you with that *UIN* issued vehicle. Nakita mo naman siguro kung gaano kaangas ang gulong niyon?"

He pursed his lips. "Ang sama mo..." He threw her a wounded look and wandered off.

Naiiling na nagtungo na siya sa hallway papunta

sa rest rooms. Mabilis pa rin ang tibok ng puso niya. Henry had been extra flirty lately.

Iyon pa mandin ang iniiwasan niyang mangyari—ang masanay siya sa atensyon nito. Baka bigyan pa niya ng kahulugan, mabaliw siya sa pag-o-overanalyze, hanap-hanapin iyon, at eventually ay masaktan.

Jodie shook her head at her reflection in the mirror after she splashed cold water on her face. Namumutla siya dahil sa kakulangan sa tulog, pero tila maaliwalas pa rin ang bukas ng kanyang mukha. It was like she was glowing inside. For what, why and how, she had no idea.

She was drying her hands when the sound of squealing brakes and a series of horrible crashing noises cut through the air, very close. Too close...

Henry!

3

Muntik nang madapa si Jodie habang palabas ng hallway. Dinig na niya ang komosyon sa labas. Agad niyang nakita ang sasakyang tumama sa kalapit na telephone pole. Wasak iyon at malabo na sigurong mabuhay pa ang nasa loob na kasalukuyang inilalabas ng dalawang lalaki. Ang hindi niya maintindihan ay kung bakit iilan lang ang nasa tabi ng wasak na kotse at sa halip ay mas napaliligiran ng tao ang kung ano sa gawi ng parking area, na mahigit sampung metro pa ang layo.

Henry? Where's Henry? Iginala niya ang tingin sa paligid habang ina-assess kung ano ang nangyari. Tila huminto ang gawain sa gas station at convenience store, may ilang parte ng sasakyan at nasirang telephone pole ang nagkalat, may isang brown paper bag din na sumabog ang laman. May Blue *Gatorade*. Nasaan na si Henry? She was expecting to see him racing toward the car to check the driver and any passengers. It hadn't hit any of the gas pumps, fortunately...

Then as she approached the parking area and their vehicle, she saw him. Henry was on the ground.

Hunched up in a crumpled heap. Motionless. Nasa tabi ito ng driver's side door. Mukhang wala namang pinsala ang SUV. May babaeng nilampasan at halos naitulak siya ang pasigaw na lumapit dito.

Halos hindi na siya humihinga habang palapit. Nanginginig na rin ang mga tuhod niya. Then she saw it. Henry moved. *Thank you, God. He's alive!*

Pero noon din naman niya napansin na hindi pala talaga si Henry ang gumalaw kundi ang kung anong yakap nito, na noon ay tila nagpipilit kumawala. Soon, a small head emerged and he was howling. He was the one moving, struggling, trapped under Henry's weight.

Ang bata ang agad na kinuha ng babaeng halos magtulak sa kanya kanina. Gusto itong sigawan ni Jodie na huwag galawin masyado ang mga biktima dahil may posibilidad ng spine injury ang mga ito, pero hindi man lang niya maibuka ang bibig.

Nanlalamig na ang mga kamay ni Jodie nang hawakan si Henry nang tuluyan niya itong malapitan. Napasinghap siya nang lubusang mapagmasdan ito.

His eyes were closed. There was blood. Blood was coming out of his nose and mouth.

Oh God! Mabilis niyang inalala ang lahat ng

nalalaman tungkol sa first aid.

Agad niyang ininspeksyon ang vital signs nito. Humihinga pa naman. Pumipintig pa rin ang puso at mga pulso. Tiningnan din niya ang bibig nito para malaman kung saan galing ang dugo. She found out that most of the blood had come from a cut on his inner lip, not internal bleeding. But she couldn't be so sure about the nosebleed.

Nasaan na ba ang cellphone niya? *Shit, nasa loob ng sasakyan...*

"Nakatawag na po kami ng pulis at ambulansya, Miss," sabi ng isang attendant na lumapit sa kanya.

Lumingon siya rito. "Okay, tingnan n'yo muna 'yung nasa kotse... at 'yung bata."

"Patay na 'yung driver n'ung kotse, Miss. Natingnan na kanina at nasubukang i-CPR ng kasama ko pero wala na."

Narinig niyang tila wala sa sariling nagsalita ang nanay na nasa likuran niya. "Miggy's okay, Miggy's okay," sabi nito, na parang wala itong tatanggaping ibang sagot kundi iyon. "Siniguro ng lalaking iyan na magiging okay lang ang baby ko," naiiyak na dugtong nito bago inilayo ng ibang mga naroon.

Bumaling ang dalaga kay Henry at ginawa ang lahat ng makakaya habang naghihintay. They had the necessary first aid and CPR training back at the *UIN Academy*. Maingat na idinerecho niya ito ng higa sa lupa habang marahang pinupunasan ng panyo ang mga dugo sa mukha nito. Kasabay niyon ay may lumalapit na witnesses sa kanya na ikinuwento kung ano ang nangyari.

May isang sasakyang basta na lang lumiko sa station at tila wala sa kontrol. Tumatakbo noon ang bata patawid sa daraanan nito at muntik nang masagasaan kung hindi lang ito nahagip ni Henry at naprotektanan. The car had clipped her partner on the left hip and thigh, sent him spinning against their SUV. Mabilis daw ang mga pangyayari, ngunit nasiguro ni Henry na nagawa nito ang lahat para ito ang sumalo ng lahat ng impact at hindi ang batang hawak nito.

His head had hit the SUV—that would explain the bleeding nose and mouth, but it could still mean a bad enough head injury for brain damage... Sigurado siyang may head trauma at tiyak na may pamamagang dulot iyon. Kanina pa niya tinatapik-tapik ang pisngi nito, ang leeg, at tinatawag din niya ang pangalan pero hindi nagre-respond.

"Henry, can you hear me?" bulong niya habang hinahaplos ang pisngi nito. "You'll be fine. Paramdam ka naman, please." Pinaglandas niya ang mga daliri sa buhok nito. "Please."

Nang dumating ang mga ambulansya at lapitan siya ng mga EMT ay sinabi ni Jodie sa mga ito ang munting diagnosis niya habang iniinspeksyon din si Henry. Sang-ayon ang mga ito sa lahat ng obserbasyon niya, pati na sa suhestyon niya kung anong klase ng tests ang gagawin pagdating sa hospital.

"Okay, ready na?" sabi ng isa sa kasama nito at inihanda na ang gurney.

"Sasama ako sa inyo." Tumayo na siya.

Napatingin ang EMT staff sa suot niyang t-shirt na kapareho ng kay Henry na may logo ng *UIN* sa kaliwang dibdib. "Kayo ho ba ang partner niya?"

"Yes, I'm his partner!" Alam niyang baka ibang klase ng partner ang ibig sabihin ng kausap, pero wala na siyang pakialam. Anyway, madalas naman siyang mapagkamalang girlfriend o asawa nito dati pa lalo kapag nasa field sila at sa tuwing may mga emergency.

Sinubukan niyang manatiling kalmado at alerto habang nasa ambulansya. Noon din nagsimulang

gumalaw si Henry at umungol. Relieved na napabuntong-hininga si Jodie, ngunit agad din iyong nawala nang mapansin ang panginginig nito. He was having a seizure!

"Henry... hold on... please. Malapit na tayo." Naluluha nang hinawakan niya ang isang kamay nito. Inasahan na ang pagkakaroon ng seizure sa tuwing may posibilidad ng pamamaga ng utak. Maaari iyong magamot agad at tuloy maibsan na rin ang pamamaga. Ang mas nakakaalarma ay kung magpapatuloy ang seizure nito kahit gumaling na ang brain swelling.

"You'll be okay." Pinisil niya ang kamay nito bago iyon hinagkan. "Kaya mo 'yan, Henry."

Patuloy ito sa pag-seizure hanggang makarating sila sa ER ng isang hospital sa Alabang. Binigyan agad ito ng sedatives upang mag-induce ng coma at matigil ang seizures. Kasunod ay steroids at *Mannitol* upang mabawasan naman ang pamamaga sa utak nito dala ng trauma.

Sumunod ang tila walang katapusang scans at tests. Matapos iyon ay tinawagan ni Jodie ang kanilang director at ipinaalam dito ang nangyari pati na ang lahat ng ginagawa upang mailigtas si Henry.

"MRI, CAT scan..." paglalahad niya. "And they're keeping an eye on his femur, which took the impact of the car clipping him. Wala namang fracture pero marami pong matinding contusions sa muscle tissue at iyon po ang dahilan kaya halos dalawang units ng dugo ang nawala. Hindi naman kailangan ng transfusion kasi naagapan din, Sir.

"At the moment, his thigh is very swollen and discolored. Kailangan daw pong i-monitor para masigurong hindi iyon sagabal sa circulation niya." Huminga nang malalim si Jodie. She knew she's rambling, pero iyon ang kailangan niya para hindi tuluyang mapahagulgol ng iyak sa magkakahalong takot, nerbyos at guilt.

"'Yung MRI po, nakita po na 'yung pamamaga sa utak niya ay kino-compress 'yung ventricles sa utak niya. Those ventricles are just space, Sir. Nothing much goes on with them. Compression of them just gives a fair indication of intracranial pressure. Pero s'abi ng mga doktor, hindi naman daw po completely compressed ang kay Henry, pero kailangan pa ring mawala 'yung pamamaga as soon as possible."

Nang matapos ang pakikipag-usap sa director nila, na nangakong ito na ang kokontak sa Ate Helga ni Henry na nakabase sa Texas, ay pinuntahan niya

ito sa ICU. Kahit humupa na ang epekto ng sedatives at nawala na rin ang seizures ay nanatili itong nasa coma.

Kinausap siya ng mga doktor at ipinaalam sa kanya na kapag tuluyan nang nawala ang pamamaga sa utak nito at mas maayos na ang pakiramdam ay bibigyan ito ng EEG para matingnan kung mayroon pang seizure potential, na inaasahan nilang sana ay hindi na muling mangyari.

Nang iwan siya ng doktor ay naupo siya sa tabi ng kama at maingat na hinawakan sa braso ang binata. She thought about how she'd reacted every time that Henry had touched her during this case; how she'd avoided his kisses; how she'd tossed him out onto the couch when they had a king-sized bed and how she felt guilty about it even though it's what they'd agreed on earlier; how he couldn't resist flirting with her, throwing her innuendos… how he lay there protecting that boy…

How she may never have the chance ever again of a kiss or a touch or being in his arms in bed.

———————

Tatlong araw ang lumipas bago tuluyang umepekto ang mga gamot na ibinigay kay Henry,

na nagawang mapigilan ang pag-build up ng tubig sa utak nito na maaaring makapagpalala pa ng pamamaga. The swelling was gradually reduced and he was expected to be out of the anti-inflamamatory medicines in a few more days. Sa loob ng tatlong araw ay hindi rin nagising si Henry kahit minsan, ngunit stable naman ang vital signs nito.

Salitan sa pagtawag at pangungumusta hindi lang kay Henry kundi sa kanya na rin ang director nila, ang mga kaibigan sa *UIN*, ang mga magulang niyang nakilala at alam niyang hindi naniniwalang 'friends and partners' lang sila ni Henry, at ang Ate Helga nito na parang mas concerned sa kanya kaysa sa kondisyon ng kapatid nito.

"Aw, Jodie. He'll be fine, trust me. Ganyang okay pala ang vitals niya, huwag kang masyadong mag-alala. Baka bumabawi lang ang katawan niya. You two have been through so much over the past several years. At may problema din siya sa pagtulog minsan, di ba? Isipin mo na lang na kailangan niyang matulog for more than twenty-four hours like Sleeping Beauty. Wake him up with a kiss if you think it's time."

Yeah, right. Like Henry would want my kiss.

Napapailing na minasdan niya ang kaibigan. Inilagay niya ang isang kamay sa braso nito at

marahang pinaglandas ang mga daliri pababa at paakyat doon. Naniniwala siyang kahit comatose ang isang pasyente ay nararamdaman ng mga ito ang bawat hawak at haplos at naririnig kapag kinakausap ng mga taong malapit dito. Ilang araw na rin niya itong ginagawa.

Hindi siya umuwi sa bahay ng mga magulang niya sa Bulacan para mabantayan ito. Kanina sa *UIN* ay nag-undertime din siya na pinayagan naman ng kanilang director at HR. She wanted to be by his side when he woke up. Kailan kaya iyon?

"Henry, gising na. Promise, hindi na kita babarahin kapag nasa mood kang lumandi. Papatulan pa kita kung gusto mo."

Right, as if kaya niyang gawin iyon.

She was considered one of *UIN*'s best investigators, but she was no match for Henry Aguas' skill at throwing innuendos.

Napahinto si Jodie sa marahang pagmamasahe sa mga parte ng braso nitong hindi nadadaanan ng nakakabit na mga tubong patuloy na mino-monitor ang progress ng medication at treatment ng guwapong pasyente nang marinig niya ang marahang pagkatok sa pinto.

Pagbukas ay bumungad sa kanya ang noon ay hysterical na nanay ng batang iniligtas ni Henry. May dala itong isang bungkos ng mga bulaklak.

"Agent Marcos? I'm Naomi Bernardo. Iniligtas ng partner mo ang anak ko." Nangislap agad ang mga mata nito na parang maluluha.

Ngumiti siya at hinawakan ito sa braso. "Yes, come in, please."

"Gusto ko lang magpasalamat ulit." Iniabot nito ang mga bulaklak. "Okay na ang anak ko, sobrang natakot lang siya noon kaya umiiyak pero hindi siya nasaktan. Wala kahit galos." Napatingin ito kay Henry. "Oh, my God…" Parang maiiyak na naman ito. "Kumusta na siya? I'm so sorry."

"Don't be. Ang may kasalanan dito ay iyong driver n'ung isang sasakyan na bumangga sa telephone post. Lasing pala iyon at nawalan ng kontrol sa pagmamaneho. Hindi naman talaga daanan ng sasakyan 'yung tinakbo ng anak mo." Tumingin din siya sa binata. "Henry swore an oath to serve and protect the public. But even if he wasn't with *UIN*, he still would have raced to protect anyone in danger. Ganoon lang talaga siya."

Tumabi rin kay Henry si Naomi. "Pabalik na kami

sa kabilang parking area. Doon patakbo si Miggy. Wala talaga kaming napansing palapit na sasakyan kaya nagulat na lang ang lahat sa pagsulpot n'ung kotse. Lahat din nagulat at napatingin na lang maliban sa kanya." Tinapik nito ang kamay ni Henry.

"Pakiramdam ko nagdilim ang lahat at ang sumunod ko na lang na nakita, nasa tabi na ng SUV 'yung dalawa... and my baby is safe. But his savior is not," mahinang sabi nito bago tumingin sa kanya.

Hinawakan ni Naomi ang kamay ni Henry at ang kamay niya saka parehong pinisil iyon. "I'm so sorry I moved him to get to Miggy. I am a health worker and I know I shouldn't... pero hindi ko na lang yata nagawang makapag-isip pa..."

"I understand. Huwag kang mag-alala..." Tumingin din siya kay Henry. "And he is getting better," she assured her.

"Kapag okay na siya, babalik ako kasama si Miggy at ang asawa ko para magpasalamat," nakangiti na muling sabi ng babae, pagkatapos ay niyakap siya. "I should go. Thank you, Agent Marcos." Bumitaw ito sa kanya at nagtungo na sa pinto saka binuksan iyon.

Bago tuluyang humakbang palabas si Naomi ay humarap uli ito sa kanya. "Agent Aguas is a good

man. Guwapo pa." Naging makahulugan ang ngiti nito. "You two will have a beautiful family, I'm sure." Bago pa siya nakasagot ay naisara na nito ang pinto.

Ilang segundong nakamasid lang ang dalaga sa kawalan bago naiiling na tinabihan ulit si Henry.

"Hey, partner. You're a hero, do you know that? Wake up so you can appreciate it and be appreciated, huh? Alam mo bang ilang araw nang kinukulit ng press ang *UIN* tungkol sa iyo? Nagbigay na lang sila ng statement at nakiusap na huwag kang guguluhin and thank God, wala pang reporter na naliligaw dito. Pagkakataon mo na sana iyon para sumikat," she grinned.

Iniayos niya ang isang silya sa tabi ng kama nito at doon na pumuwesto. Plano niyang dito na rin matulog ngayong gabi kaya dinala na niya ang ilang gamit at ang isusuot bukas sa opisina. Inilabas niya ang reports mula sa Evidence laboratory upang pag-aralan, pero kalaunan ay nakatulog din siya.

Nang may gumising kay Jodie ay rested na ang pakiramdam niya. *Wait, may gumising sa akin?*

Naramdaman niyang may kamay na marahang humahaplos sa kanyang buhok bago iyon bumaba sa brasong kinayuyukuan ng ulo niya na marahang

tinapik ni...

Henry!

She lifted her head, her heartbeat tripled as she met his eyes. She leaned over him and he looked at her, then he smiled. And that special, rare gaze that was for her alone. Henry was awake.

Thank you, God.

Pinisil nito ang braso niya bago ibinuka ang bibig at bumulong, “Geri.”

Agad umangat ang isang kamay niya upang pindutin ang button sa bedpost nito para alertuhan ang mga doktor.

4

Geri. Geri ang itinawag ni Henry sa kanya.

Minasdan niya ito, kinakabahan nang kumawala ang mahinang tawa. Joke lang ito, pinapatawa lang siya ni Henry gaya ng lagi nitong ginagawa kapag masyado siyang seryoso o stressed. “It’s me,” mahinang sabi niya.

He gave a fuzzy little grin right back at her. “I know it’s you, babe. Nasaan ako?”

Nagkatinginan sila ni Dr. Federico, ang specialist na naka-assign kay Henry. The older man looked concerned while she silently pleaded with him. Importante ang magiging findings tungkol sa kalagayan ng partner niya ngayong gising na ito dahil iyon ang magde-determine kung ano ang magiging status nito bilang *UIN* agent sa susunod na mga araw.

Nakakaunawang tumango ang doktor, at hinayaan siyang magpaliwanag kay Henry. Pinisil niya ang kamay nito. “Naaksidente ka at narito ngayon sa hospital. You’re okay, and so is the little boy that you saved. Wala na tayo sa *La Mer* kaya hindi mo na kailangang gamitin ang cover names

natin. Tapos na ang kaso, nahuli na natin ang mga mastermind, remember?"

Litong tiningnan lang siya nito. "Geri, what are you talking about?" tanong nito sa mahinang boses, na halata ang pagkaalarma. "Anong kaso?"

Ang doktor na nasa kabilang side ng kama ang binalingan niya. "Baka groggy pa si Henry, Doc. Kaya ang ginagamit pa rin niya ay 'yung undercover names namin, na sampung araw din naming itinawag sa isa't isa bago ang aksidente sa gas station."

Minasdan ng manggagamot si Henry. "Hijo, puwede mo bang sabihin sa amin ang pangalan mo?"

"Thomas William Maniego... Tom." Halata ang pagod, at medyo malat ang boses nito, pero dinig ang katiyakan sa sagot nito.

Oh, no! Shit!

Nagpatuloy si Dr. Federico. "Do you know where you are?"

"A hospital... I guess..."

"Alam mo ba kung bakit ka narito?"

"No. Geri, ano'ng nangyari? Please? And who the hell is Henry?" Nagpa-panic na ang partner niya. The

pain from his head and femur were also beginning to register on his radar. And on the blood pressure monitor.

"It's all right, Hen—" Nakagat niya ang ibabang labi. Tumataas na ang blood pressure ni Henry. Agad inutusan ng doktor ang kasamang nurse na bigyan ang pasyente ng painkillers. A sedative could not be administered anymore because it would mask his neuro signs.

Helpless na minasdan ni Jodie ang kaibigan. Napu-frustrate na hindi niya ito matawag sa tunay na pangalan dahil baka lumala pa ang panic nito. *But 'Tom' just didn't sound right to me!*

Hinawakan niya ang braso nito. "It's okay... babe." *That didn't sound much better either… no wait, it does! It doesn't... what the hell, Jodie?*

Pero wala rin siyang pagpipilian. Napabuntong-hininga siya. "Mag-relax ka lang muna... matulog ka uli. Everything will be fine when you wake up." Ang sarili niya ang kino-convince ni Jodie sa sinabing iyon. Siguro paggising nitong muli ay mas maayos na ang pag-iisip at mas tama na ang mga naaalala nito.

Henry just looked at her, his soulful light brown eyes blinked slowly, until his eyelids dropped and the

anxiety on his handsome features disappeared. Ilang sandali lang ay tulog na itong muli.

"Paggising po niya, mas okay na," sabi niya kay Dr. Federico. He did not look convinced.

The next day...

"Your name?" tanong ni Dr. Federico, hawak ang chart ni Henry.

"Tom Maniego."

Tumingin kay Jodie ang doktor bago ito nagpatuloy, "Do you have a middle name?"

Ilang segundong nag-isip ang pasyente, nangungunot ang noo. "Hen... no, Lewis? Lewis! Why all the questions?"

"Concerned lang kami na dahil sa tindi ng head injury mo ay may posibilidad na nagkaroon ka ng amnesia. You've been showing signs of it," mahinahong paliwanag ng specialist.

"Amnesia? What makes you think that? Alam ko kung sino ako!" Rumehistro muli ang panic sa mukha ni Henry bagaman normal pa rin ang naka-register sa monitors. Helpless na tumingin ito sa kanya.

Pero ipinagpatuloy lang niya ang pagtatanong. At least, he welcomed her asking the questions more than the doctor.

Nakuha nito ang pangalan ng presidente ng bansa, pati na ang kasalukuyang buwan at taon. They didn't expect him to know the date but asked anyway, and he had no idea on that question or on how he'd ended up in the hospital.

"At kilala mo ba kung sino siya?" Itinuro siya ni Dr. Federico.

Natawa si Henry. Kinuha agad nito ang kamay niya kanina sa sandaling magdilat uli ito ng mga mata at halos hindi na iyon binitawan. But the moment he'd started playing with her fingers in front of the doctor, Jodie knew that 'Tom' was in residence even before the questions began.

"Oo naman, kilala ko siya!" amused na sabi nito bago tumingin sa kanya. "Hi, my lovely Geri. Wala ba akong kiss? That can make me feel better..."

"Aguas... I mean, Henry, I—" *Shit!*

Nagsalubong ang mga kilay nito. "'Aguas? Henry?" Ilang sandaling nag-isip ito, parang may pilit inaalala, bago muling napangiti at bumaling sa doktor. "Iyon po yata ang pet name niya sa akin."

Now Jodie was alarmed. Mukhang naghalo na sa utak ng partner niya sina Henry at 'Tom'. What a mash-up!

Nakangisi na si Henry sa doktor. "She's not one for sappy names." Then he turned to her again, that for-Jodie-only-look on his face—only there was no rationing or hiding of it from other people. He was wearing it like a banner.

Napalunok siya. "Hen—err, Tom, alam mo ba kung saan ka nakatira?"

"With you, silly." Ibinigay nito ang address nila sa *La Mer*.

"Eh, 'yung 107E, Waldorf Place, Roxas District?"

"That's my townhouse. Before we got married. Doon tayo tumutuloy pag nasa Manila tayo."

Umarko ang isang kilay niya. "And how long have we been married?"

His eyes were intent on hers now. "Bagong kasal lang tayo. Wala pang three months. But we've known each other for years."

His thumb had worked its way into the indentation of her palm and was rubbing around, and back and forth...

Oh, Henry, stop that… Don't stop that… stop that, please… Argh! Ano ba?

"At ano naman ang trabaho mo?" nagawa niyang itanong..

"I work from home… as some sort of consultant? 'Tapos nasa *UIN* din ako bilang… agent? U16?" litong tukoy nito sa karaniwang tawag sa mga investigators ng *UIN*.

Thank God may naalala ito! At mukhang nalilito rin si Henry at tila hindi maintindihan kung paanong nasa bahay lang ang consulting work nito, gaya ng trabaho ni Tom Maniego, pagkatapos ay *UIN* agent din? Dr. Federico was definitely taking notes.

Napagdesisyunan niyang tingnan kung paanong magre-react si Henry kapag kinumpirma niyang totoo ang sinabi nito. "Tama, U16 ka nga, pero—"

Naputol ang sasabihin ni Jodie nang biglang bitawan ni Henry ang kamay niya kasabay ang pagtaas muli ng blood pressure nito base sa tunog ng monitor. "My ring! Geri, where's my wedding ring? Huwag mong sabihing naiwala ko iyon? Shit, ang alam ko suot ko iyon lagi… " Bumangon ito at naupo, kahit halata sa mukha ang pananakit ng hita. He looked at the tops of the over-the-bed table and

bedside stand. “Nasaan na ’yon?”

Itataas sana niya ang kaliwang kamay, ngunit agad niya ring naibaba muli at naitago sa likod niya. Kung napapraning na ito dahil sa nawawalang singsing, paano na kapag nakita ni Henry na wala alinmang nakasuot sa kaliwang kamay niya?

“Henry, it’s okay,” she soothed him with her right hand. “Kailangan lang tanggalin ang singsing mo dahil sa mga tests na ginawa sa iyo. Bawal kasi ang kahit anong metal.”

He wasn’t happy about it though. His BP hadn’t calmed and sweat had broken out on his face. Hinawakan niya ito sa balikat at marahang itinulak pahiga sa kasama bago siya tumango sa nurse na handa nang bigyan uli ito ng painkillers na nakakapagpatulog din.

“It’s in my bag... na nasa... townhouse mo... natin. Doon ko inilagay. At pupunta ako doon para kunin iyon habang nagpapahinga ka, okay?”

Alanganing tumango si Henry bago humawak sa kamay niya habang tinuturukan ng nurse ng painkillers.

———

Mabuti na lang at hindi pa naibabalik ni Jodie sa Evidence section ang mga singsing na ginamit nila sa assignment. Nakatago talaga iyon sa isang bag niya pero hindi sa bahay ni Henry kundi sa nirerentahan niyang flat sa Project 6.

Muli tuloy siyang nag-undertime sa *UIN* kinabukasan upang magawang makauwi muna para kunin ang singsing. Nag-commute na lang ang dalaga patungo sa hospital sa Alabang kung saan naka-confine ang partner niya.

Tulog pa si Henry nang umalis siya kanina at ayon sa nurse na nakausap niya nang tumawag siya sa hospital bago magtanghali ay hindi naman daw ito nagpasaway, pero halatang malungkot na wala siya sa tabi nito. Ibinilin niya na lang na sabihin kay Henry na alas seis ay naroon na siya.

She made it to the hospital by quarter to six and went straight to the Neurosciences Department.

"We did the EEG this morning at wala namang nakitang senyales ng post-traumatic epilepsy," salubong agad sa kanya ni Dr. Federico habang iginigiya siya sa isang malaking computer monitor. "The results show a more pointed, spiky waveform in the area of the brain that corresponds with the injured portion. Things that may bring on a seizure

were performed during the test: flashing lights, reading, sleep, to see how the brain's electrical activity responds. So far ay walang nakitang dapat ipag-alala sa resulta, pero sa mga susunod na araw ay may ilan pang tests na isasagawa."

Sinabi rin ng doktor na may appointment na rin si Henry sa isang psychiatrist. Aalamin nila kung ang amnesia ay hysterical in nature—psychological instead of physical.

Pagkatapos niyang makipag-usap sa doktor ay binagtas na niya ang hallway patungo sa kuwarto ni Henry. Noon naman siya nakatanggap ng tawag mula sa kanilang director na humihingi ng update.

Ilang beses din niyang iniwasang sabihin kay Director Malvar ang amnesia ni Henry dahil natatakot siyang alisin na ito sa field work at paghiwalayin sila dala ng brain injury nitong maaaring makaapekto sa trabaho. But now she thought she could no longer avoid it.

"Kadarating ko lang dito sa hospital, Sir. Nakipag-usap muna ako sa specialist ni Aguas for updates. Okay naman po ang test results niya at maganda ang progress ng treatment, kaya lang... kaya lang kapag kinausap po si Agent Aguas, ang alam niya'y kami pa rin sina Tom and Geri Maniego."

Hindi kumibo ang kausap niya.

“Sir?” kinakabahang untag niya.

“Ang alam ni Aguas ay kasal kayo?”

“Yes, Sir. Pero may naalala naman po siya bilang Henry. Parang lito pa, eh. S’abi ni Doc, hindi naman daw po magtatagal itong amnesia niya. Mga ilang linggo lang daw po ito.”

Muling natahimik ang nasa kabilang linya. Kinabahan siyang muli at naghahanda na ng apela sakaling sabihin nitong hindi magandang balita ang dala niyon sa career nito bilang special agent at on the running bilang in-charge.

Ibubuka na sana niya ang bibig upang magtanong, ngunit narinig niya ang tila mahinang pagtawa ng *UIN* country director. “Good luck dealing with him, Marcos. You handle Aguas like you’re married to him, anyway…”

Nasapo ni Jodie ang noo bago nagpaalam na sa kausap. Bagsak ang mga balikat na nagtungo na siya sa kuwarto. Tulog pa si Henry kaya inayos muna niya ang mga gamit at inilabas ang kahon ng mga singsing. Isinuot niya ang sa kanya at ibinulsa ang para kay Henry.

Naupo si Jodie sa gilid ng kama at napapabuntong-hiningang pinagmasdan ang guwapong pasyente habang marahang hinihimas-himas ang braso nito. Nang magising ang binata ay agad itong napangiti. She couldn't help smiling back, like she always did.

As she helped him raise the head of the bed so he could sit, Henry seemed more alert. *He was after the ring...* she thought. Kinapa niya ang kahon sa bulsa. But apparently, he was after a kiss.

"Come here, babe." Ipinaikot nito ang braso sa kanya at hinila palapit. He brought his face to hers, their lips a few centimeters away from touching... How many times have she dreamed of kissing him?

No! Not like this!

Inilapat niya ang mga palad sa matipunong dibdib nito at marahang itinulak habang kumakawala siya sa yakap nito. Tumayo siya. "Henry, hindi tama... hindi puwede..."

Inalis naman nito ang mga braso sa kanya, kasabay ang pagkawala ng ngiti. Huminga siya nang malalim bago inabot ang kamay nito. Mas safe iyon.

"I didn't mean—"

Hinila nito ang kamay na hinawakan niya bago

umusad palayo at tumalikod pa. She heard him curse as he moved his injured left leg.

"Please, intindihin mo naman sana na—"

"Intindihin na ano? That you can't seem to stand me? Your own husband? Ni hindi mo pa nga ako nahalikan simula nang magising ako!"

Gusto nang sabihin ni Jodie kung ano talaga ang nangyayari, pero baka hindi pa ito handa. His brain inflammation wasn't completely gone yet.

Perhaps just some of the truth. "You know, things have been stressful lately. Muntik ka nang mamatay dahil sa aksidente mo, sa mismong harap ko... at..." Napabuga siya ng hangin. "And it's been hard to deal with how close I came to losing you."

Lumambot ang ekspresyon nito. "But you didn't lose me. I'm here."

"Alam ko.... pero... Henry."

Umangat ang isang kilay nito.

"Henry ang pangalan mo, okay? Or Aguas dahil nga astig na U16s tayo. Ipinaliwanag ko na iyan sa iyo kahapon, di ba? Anyway..." she sighed, then met his eyes, unsure where she's getting all the courage now. Baka desperada na lang siyang mapigilan ito

sa pagpupumilit na halikan siya. Kahit pa gusto niya iyon. "And if I kissed you... Henry, we wouldn't be able to stop at one kiss, and this is a public place." Then she gave what she hoped was a sultry grin.

Her cheeks were on fire now, she's sure of it.

"Kunsabagay," sang-ayon nito. Then he grinned wickedly. "But being in a public place has never stopped us before, has it?"

Excuse me? Ano ang pinagsasabi ng lalaking ito?

"Uhm... well... matindi ang naging head injury mo at under observation ka pa. The doctor doesn't want your intracranial pressure increasing. So, no kissing, babe. Sorry."

He pouted. Goodness, those lips! Ang hirap tuloy alisin ng tingin dito!

He sighed. "Okay, sige na nga... but how long until I can get out of here and get you into bed, babe?"

Her mouth moved several times without sound.

"Ilang araw na ba ako dito? May one week na ba? Miss mo na siguro 'ko, 'no? You must have been wanting it as much as I do." Kumindat ito.

Napatingin lang siya kay Henry. Hindi ito

nagpapatawa. Napaupo tuloy siya uli sa gilid ng kama dahil baka tuluyan nang bumigay ang tuhod niyang kanina pa nanginginig. Agad siyang nag-apuhap ng sasabihin huwag lang mapunta uli sa non-existent sex life nila ang usapan. Then she remembered...

"Oh! Dala ko ang singsing mo..." Kinuha niya sa bulsa ang munting kahon at inilabas doon ang singsing. Henry inched closer, but he didn't move to take the ring. Siya tuloy ang kumuha ng kamay nito, na mukhang hinihintay talaga nitong gawin niya.

Ngiting-ngiti ang lalaki nang maisuot niya rito ang singsing.

Please don't do this, Henry. Please don't act like you're really happy to be married to me... nakakakilig, eh. Minasdan niya ito. "Henry, uhm... naaalala mo ba 'yung kasal natin?"

He thought for a while. "No, hindi ko maalala. Pero ang s'abi ni Doc na may amnesia daw ako, di ba? Kapag nawala na siguro ang amnesia na 'to, maaalala ko din." Then he leaned close, smiling. "At least I hadn't forgotten you, huh?"

Jodie let out a giggle that sounded terribly fake, but he didn't notice.

"Pero baka maalala ko pag dinala mo ang

wedding pictures natin next time. Meron ba sa *Facebook*? *Instagram*? Do you have my cellphone?" Hinuli nito ang kamay niya at pinisil-pisil iyon, na natigil sandali nang mapansin na parang hindi niya alam ang gagawin. "Geri, you've really been acting strange for the last few days. May nagawa ba akong hindi mo nagustuhan? Magkaaway ba tayo bago ang aksidente? Anything? Kung anuman iyon, I'm really sorry..."

"No..." umiling siya. "No, Henry."

"May ipinaplantsa kang nasunog ko? Naiwan kong bukas 'yung tube ng toothpaste? Nakataas ang toilet seat?"

"No, hindi iyon."

Nangungunot ang noo ni Henry habang pilit inaalala ang kung ano. "Simula noong lumipat tayo sa *La Mer*, napansin ko na sa tuwing lalapit ako o hahawakan kita, parang lagi kang umiiwas." His eyes narrowed. "You... you didn't want me touching you. Geri, why? Naaalala ko na 'yon! That was before the accident! Naalala ko na... na... sa couch ako natutulog!" Lalo itong namutla nang tila may ma-realize. "Are you having an affair? I remember this tall, tan, lean dude with grey-green eyes... Phoenix! Lagi mo siyang tinitingnan! Are you g—"

"No! Henry, I'm not having an affair!" hindi na napigilang sabi niya, frustrated at hindi na ma-take ang pinagsasabi nito. Phoenix? Superior nila iyon sa Narcotics and Firearms Division. "Wala akong ibang tinitingnan, at wala akong ibang gusto! There hasn't been anyone but you for almost seven years." At least, totoo naman iyon... *Whoops!* Sinabi ba talaga niya iyon? Paano kung maalala ni Henry pagbalik nito sa normal? *Shit!*

Pero nang makita niya kung paano siya nitong masdan ngayon, na parang punung-puno ng pagmamahal at parang natutunaw ang puso nito sa narinig, ay tila naglaho na rin ang pag-aalala niya.

"Really?" manghang tanong nito.

"Really," she assured him with a smile.

Noon dumating ang nurse na dala ang anti-inflammtory shots. Buong magdamag din siyang ililigtas ng gamot na iyon sa pangungulit ni Henry. Pero hangga't hindi ito tuluyang gumagaling, paano na?